# Bantay Alaga

## Ang aking pagsasanay laban sa rabies

Ang activity book na ito ay
pagmamay-ari ni:

______________________________

Pangalan

______________________________

Tirahan

Ang rabies ay delikado para sa aking pamilya at alaga.

Dapat kong alamin ang lahat ng hakbang para ito ay maiwasan.

GARC RABIES ALLIANCE
UBS Optimus Foundation

# Para sa mga guro/magulang:

Ang rabies ay sakit na nakamamatay na sanhi ng isang virus. Ito ay mula sa hayop at maaaring mahawa ang tao sa pamamagitan ng laway kapag nakagat ng aso o pusa na may rabies.

Maaari ding maisalin ang rabies virus kapag nalagyan ng laway ng hayop na may rabies ang sariwang sugat, gasgas, at maging ang ibang parte ng katawan ng tao tulad ng mata, ilong, at bibig.

Sa Pilipinas, karamihan sa mga nabibiktima ng rabies ay mga bata. Bagaman walang lunas ang rabies, maaari itong maagapan at maiwasan.
Upang maiwasan ang rabies, dapat pabakunahan ang alagang aso at pusa laban sa rabies kapag ito ay tatlong buwan na, at kada taon pagkatapos nito.

Kung sakaling makagat ng aso o pusa, dapat gawin ang mga sumusunod:

1. Hugasan agad ang sugat ng sabon at dumadaloy na tubig sa loob ng 15 minuto.
2. Pahiran ng tintura de yudo o anumang gamot pangsugat.
3. Kumunsulta sa pinakamalapit na Animal Bite Treatment Center o ABTC.

# 10 Kaalaman upang maiwasan ang rabies



1. Pabakunahan ang inyong mga alagang aso at pusa laban sa rabies taun-taon.

2. Siguraduhin ang inyong aso at pusa ay may maayos na tirahan. Bigyan sila ng sapat at malinis na pagkain at tubig.





3. Huwag hayaan na gumala ang inyong alagang aso at pusa sa kalsada.

4. Huwag saktan any inyong alagang aso at pusa. Huwag silang sipain, batuhin, o hilahin ang anumang parte ng kanilang katawan.





5. Huwag lumapit sa mga aso at pusa na gumagala sa kalye. Huwag din gambalain ang inyong mga alagang aso at pusa kapag sila ay natutulog, kumakain, o nagpapadede ng kanilang mga anak.

6. Hugasan agad ang sugat mula sa kagat ng aso o pusa ng sabon at dumadaloy na tubig.







7. Ipaalam agad sa mga nakatatanda kapag nakagat ng hayop at magpatingin sa Health Center o Animal Bite Treatment Center (ABTC).



8. Tandaan na nakakahawa ng rabies ang ang laway ng aso at pusa na may rabies.




9. Nakamamatay ang rabies.



10. Ang rabies ay maiiwasan kung papabakunahan ang inyong mga alagang aso at pusa.

# Kilalanin ang iyong alaga



## Activity 1

Pagdugtungin ang mga bilog para makabuo ng larawan ng isang hayop. Maaari rin itong kulayan.

Ang hayop na iyong mabubuo ay ang pangunahing hayop na maaaring magkaroon o mahawaan ng sakit na rabies.

# Ang hayop at ang rabies




Ang rabies ay sanhi ng virus na maaaring makuha ng mga tao mula sa hayop na may rabies.


**Activity 2**


Bilugan ang mga hayop na maaaring magkaroon o mahawaan ng sakit na rabies.

# Magpabakuna laban sa rabies!







## Activity 3


Naglalaro si Dennis sa labas ng bahay nang makagat siya ng kanyang alagang aso. Tulungan siyang makapunta ng OSPITAL para makapagpagamot. Guhitan ang linya.

# Mga paunang lunas

## Activity 4

Anu-ano ang mga kailangan mong gawin kapag ikaw ay nakagat ng alaga mong aso?


**Lagyan ng bilang ng pagkasunud-sunod.**



Sabihin kay nanay o tatay na ikaw ay nakagat.




Hugasan gamit ang sabon at dumadaloy na tubig




Pumunta sa ospital para makapagpagamot.

______ ______ ______



# Alagaang mabuti ang iyong aso


## Activity 5

Gumuhit ng tsek  sa loob ng kahon kung ang larawan ay nanagpapakita ng TAMANG pag-aalaga ng alagang aso.

Gumuhit naman ng ekis  sa loob ng kahon kung ang larawan any nagpapakita ng MALING pag-aalaga ng alagang aso.



















# Kulayan ang larawan

Masayang naglalaro si Jeff at ang kanyang alagang aso na si Bantay sa palaruan.


Kayo rin ba ay nakikipaglaro sa inyong alagang hayop?



Source: Want a Friend? Be a Friend! The Guide to Pet Care and Bite Prevention. Retrieved from: https://rabiesalliance.org/node/402

# Mga sagot

## Activity 1



## Activity 2

### Ang hayop at ang rabies




Ang rabies ay sanhi ng virus na maaaring makuha ng mga tao mula sa hayop na may rabies.

**Activity 2** Bilugan ang mga hayop na maaaring magkaroon o mahawaan ng sakit na rabies.

## Activity 3

### Magpabakuna laban sa rabies!



**Activity 3**

Naglalaro si Dennis sa labas ng bahay nang makagat siya ng kanyang alagang aso. Tulungan siyang makapunta ng OSPITAL para makapagpagamot. Guhitan ang linya.

## Activity 4

### Mga paunang lunas

Activity 4

Anu-ano ang mga kailangan mong gawin kapag ikaw ay nakagat ng alaga mong aso?

Lagyan ng bilang ng pagkasunud-sunod.



| Sabihin kay nanay o tatay na ikaw ay nakagat. | Hugasan gamit ang sabon at dumadaloy na tubig | Pumunta sa ospital para makapagpagamot. |
|---|---|---|
| 1 | 2 | 3 |




## Activity 5

### Alagaang mabuti ang iyong aso

Activity 5

Gumuhit ng tsek ✓ sa loob ng kahon kung ang larawan ay nanagpapakita ng TAMANG pagaalaga ng alagang aso.

Gumuhit naman ng ekis ✗ sa loob ng kahon kung ang larawan any nagpapakita ng MALING pangangalaga ng alagang aso.



Ang GARC, Rabies Alliance ay isang non-profit organization na naglalayong masugpo ang pagkamatay ng mga tao at hayop dulot ng rabies na nakukuha sa mga aso. Ang activity book na ito ay nailathala sa pakikipagtulungan sa UBS Optimus Foundation upang maitaas ang kaalaman ng mga mamamayan upang maiwasan ang pagkamatay dulot sa sakit na rabies.

Para sa karagdagang kaalaman, maaaring bisitahin ang website ng GARC:
www.rabiesalliance.org

Iginuhit ni:
Anna Charinna B Amparo
Paolo G. Carreon
Frances Marie S. Gavina

ALL RIGHTS RESERVED. This material is for educational purposes only.
No reproduction of this activity book shall be used for commercial purposes.
Proper citation should be observed when using this material.